# PAGGAMIT NG SANAYANG AKLAT SA PAGSULAT SA PAGPAPAUNLAD NG KAKAYAHANG NG MGA MAG-AARAL SA IKAANIM NA BAITANG NG MABABANG PAARALAN NG LEGLEG

Cabading, Ryanbille R.

Completed 2017

E - Saliksik
Department of Education
Research Portal
e-saliksik.deped.gov.ph

*E-Saliksik: the DepEd Research Portal is the official repository of education research in the Department of Education (DepEd). This research was funded by the Basic Education Research Fund.*

**Abstrak:** Hindi maikukubling isa sa pinakamahalagang dapat linangin ng mga mag-aaral ay ang gawaing pagsulat anumang pangkat etniko sila nabibilang sapagkat dito nasusususukat ang kakayahan nila sa pag-unawa, lawak ng pananaw at karanasan sa paksang susulatin. Isinagawa ang pananaliksik na ito upang tugunan ang mga kahinaan ng mga mag-aaral sa apat na makrong kasanayan sa pagsulat gamit ang Balidong Sanayang Aklat sa Pagsulat. Sa pananaliksik, nagkaroon ng pagpapasulat ng komposisyon na binubuo ng *pre at post* – *writing* sa labing-anim na mag-aaral. Ginamit ang balidong rubrik sa pagwawasto ng komposisyon upang matukoy ang mga tiyak na kahusayan at kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat hinggil sa kasanayang pangnilalaman, pangkayarian, pansemantika, at pansintaks. Ginamit din ang *frequency count*, pagkompute ng simple *mean* at *T-test* upang mailahad ang antas at pagkakaiba ng kakayahan ng mga mag-aaral sa sulating pormal (Pre-writing) at muling pagpapasulat (Post-writing). Natuklasang mahina ang antas ng pagsulat ng mga mag- aaral sa sulating pormal kaya ipinagamit ang balidong Sanayang Aklat sa Pagsulat. Sa paggamit ng balidong Sanayang Aklat sa Pagsulat umunlad at naging mahusay ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa muling pagpapasulat (Post-writing). Mula sa naging resulta, masasabing napakaepektibo ang balidong Sanayang Aklat sa Pagsulat sa pagpapaunlad ng kakayahang pagsulat ng mga mag-aaral kaya iminungkahi ng mananaliksik na mahalagang ipagamit ito ng mga guro sa kanilang mga mag-aaral sa paghubog ng kakayahan sa pagsulat ayon sa kasanayang pangnilalaman, pangkayarian, pansemantika, at pansintaks.

**Mga Pangunahing Terminolohiya:** kakayahang pagsulat, kasanayang pangnilalaman, Kasanayang pangkayarian, kasanayang pansintaks, kasanayang pansemantika, Sanayang Aklat

## PASASALAMAT

Ang mananaliksik ay nais ipabatid ang taus-pusong pasasalamat sa lahat ng mga taong naghandog ng tulong sa simula hanggang sa maisakatuparan ang pananaliksik na ito.

Una sa lahat, sa **Dakilang Lumikha** na siyang bukal ng lahat ng kabutihan at nagbigay ng kalakasan, kagalingan, at mabuting kalusugan upang ang pag-aaral na ito ay mabigyang katuparan;

Sa **Regional Reasearch Committee** mula sa **Planning, Policy and Research Division (PPRD)**, sa paglagda ng research proposal;

Sa Schools Division Superintendent of La Union, **Dr. Rowena C, Banzon, CESO V,** at **La Union Research Committee,** sa pagpapaunlak na isagawa ang pananaliksik;

Sa Public Schools District Supervisor, San Juan District, La Union, **Mr. Reed M. Deleňa,** at Punungguro ng Mababang Paaralan ng Legleg, **Mr. Eric R. Cabading,** sa pagpapaunlak na makapagpasulat ng mga sulating sa mga mag-aaral na siyang tutugon sa pangunahing suliraning nais suriin ng mananaliksik.

Sa kanyang **pamilya**, sa hindi matutumbasang suportang emosyonal, at espiritwal at buong pusong pagmamahal na ipinadama sa oras ng kagipitan.

Sa kanyang mga **kaibigan, Mami, Flordiliza H. Estepa, Bryan A. Hidalgo at Erma P. Cristo**, sa kanilang moral, ispiritwal at pinansyal na suporta sa lahat ng pagkakataon;

Sa kanyang mga **kaguro** at mga **kaibigan** sa buong DepEd, sa kanilang walang sawang pagsuporta sa kanya upang maisakatuparan ang ang kanyang pananaliksik;

At sa lahat ng nagtiwala, tumulong, at humamon sa kanyang kakayahan.

MARAMING SALAMAT SA INYONG LAHAT!

R.B.C.

## I. Kontext at Rasyonale

Ang tayog ng diwa, yaman ng guniguni at sidhi ng damdamin ay malinaw na naiguguhit sa isipan at maatagumpay na maipadarama sa pamamagitan ng pagsulat sa mabisang pamamaraan.

Ang pagsulat ay isang paraan ng pagpapahayag ng pag-iisip at damdamin ng tao (Tumangan, 2009). Ang mga bagay na hindi kayang sabihin ng pasalita ay ipinahahayag nang pasulat. May mga bagay ring higit na angkop na isulat kaysa sabihin (Garcia, et al., 2009)

Sinasabing ang pagsulat ay mabisang instrumento ng kaisipan, pagpapahayag, at pakikipagtalastasan. Mahalaga ito sa pakikipag-ugnayan ng tao sa kapwa, at isa sa pinakamabisang instrumento ng kalinangan at pagbabago.

Isang hindi maikubling katotohanan na kapag ang isang tao ay marunong magsulat, siya ay nakapagpapahayag ng damdamin at kaisipan, nakagagawa at nakalilikha ng isang komposisyon. Maituturing na isa sa pinakadakila at pinakamahalagang imbesyon ng tao ang pagsulat sapagkat ito ay nanggigising, nagpapakilos, nakakapagpatatag ng isang paniniwala, nakakaaliw, at nakapagbibigay ng inspirasyon.

Kapag nagsusulat, naisasaayos ang mga karanasan, damdamin at kaisipang hango sa tunay na karanasan. Nabibigyan ng bagong pagpapahalaga ang mga ito. Nagkakaroon ng naii-bang pang-unawa at pagtingin sa mga ideya. Nalilingon ang mga pinagdaanan, nasusuri ang kasalukuyan at natatanaw ang kinabukasan. Higit sa lahat, naisasadokumento ng tao ang sariling buhay at pamumuhay, ang pagkatao at ang kasaysayan ng sariling lahi.

Isa sa limang kasanayang pangwika at gawaing nalilinang sa pagtuturo at pagkatuto ng wika ang pagsulat. Sa mga sitwasyong pagtuturo-pagkatuto, ang pagsulat

ng komposisyon ay mabisang paraan upang matamo ang kahusayang ito, at natututo ang mga mag-aaral sa malaya at matapat na pagpapahayag at makabuluhang paglalarawan ng kanilang mga saloobin, dandamin, mithiih at kaalaman sa paraang malinaw at mabisa.

Ang mga mag-aaral ay hinuhubog upang maging mahusay sa iba't ibang larangan sa hinaharap. Ang kanilang pundasyon sa mabisang pakikipagtalastasan sa anyong pasulat ay hindi maipapasantabi upang maangkupan nang lubos ang kanilang tungkulin sa hinaharap.

Ang guro at paaralan ay mga pangunahing elementong bumubuo sa pag-unlad ng isang bata. Nagiging pundasyon ang mga ideya, pagpapahalaga, at pagsasanay na kanilang natatamo sa loob at labas ng silid-aralan upang matukoy ang sanhi ng pagkalalang. Ang pagbuo ng pundasyong ito sa mga mag-aaral ay nangangahulugang isang malaking hamon para sa isang guro.

Sa pagbanggit ni Bernales (2012), sa limang makrong kasanayang panlingwistika, ang pagsulat ay isa sa mga pinakamahirap na gawain ng mag-aaral sapagkat hindi lahat ay napagkakalooban ng kakayahang sumulat. Ibayong pag-iingat ang kinakailangan sa pagbuo ng mga pahayag, pangungusap, pagpili ng mga salita, at pagsasaayos ng pagkakasunod-sunod ng mga kaisipang nais ipahayag.

Marami sa mga mag-aaral ang nahihirapang makapagpahayag ng ideya, kuro-kuro, at kaalaman sa pagsulat. Inilahad ng National Literacy Trust (2009) ang pag-aaral na isinagawa ng England at Scotland na may 3,001 kabataang tagatugon, lumabas na 23% ang hindi mahusay sa pagsusulat sa kadahilanang hindi maayos na sulat kamay, 42% ang naniniwalang hindi kawili-wili ang gawaing pagsulat, at 35% naman ang nahihirapan sa pagbabaybay. Sa pagbanggit naman nina Graham at Perins (2007), may 4,789 na mga mag-aaral ng California mula sa ikaapat hanggang ika-labindalawang baitang ang "below grade-level" at hindi napapaunlad ang kakayahan sa pagsulat dahil

hindi ito natututukan ng mga guro. Sinuportahan naman ito ng National Commission on Writing ng bansang California (2012), sa natuklasan na sa lahat ng mga makrong kasanayan, ang pagsulat ang hindi gaanong napagtutuunang pansin.

Ang resulta ng pag-aaral ng mga karatig bansa tulad ng England, Scotland, at California ay tumugma sa resulta ng pag-aaral ni Zaparita (2012) dito sa Pilipinas hinggil sa mga mag-aaral na mahina ang paggamit ng wastong bantas, pagpili ng kahulugan ng mga salita, wastong paggamit ng pananda, at wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangungusap. Dahilan ito upang imungkahi ang paggamit ng mga sanayang aklat at ibayong pagsasanay sa kakayahang pangkomunikasyon ng mga mag-aaral.

Ang kahusayan sa pagsulat ay isang pangangailangang kailangang linangin sa edukasyon sa Pilipinas. Ayon sa nakalap na datos ukol sa kakayahan ng mga nagsipagtapos na mag-aaral sa pagsulat, mahigit 1,000 kabataang lalaki at babae ang nakapagtapos sa elementarya at hayskul taon-taon ang hindi nakasusulat ng 300 makabuluhang salita tungkol sa isang paksa, walang kaalaman sa pagsulat, at hindi alam kung may kalidad ang isinulat (Philippine Journal of Education, 2011).

Ayon naman kay Ullero (2009), ang kahinaan ng mga mag-aaral sa elementarya ay kabilang sa mga kahinaan sa lohika, pagkakasunod-sunod ng mga salita at pagbibigay ng malalim na pagpapakahulugan sa paksa sa pamamagitan ng paglalahad ng mga makabuluhang senaryo na nagpapatatag sa pangunahing kaisipan. Ito ay sa kadahilanang hindi naganyak ang kaisipan ng mga magaaral na sumulat at kaya lamang sumusunod sa guro ay upang magkaroon ng marka.

Ang gawaing pagsulat ay pinakamahalagang dapat linangin ng mga mag-aaral anumang pangkat ang kinabibilangan sapagkat dito nasusukat ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa, pagbasa, at lawak ng pananaw at karanasan sa paksang susulatin. Ang pagsulat ng komposisyon ay isa lamang sa mga uri ng sulatin na ipinapagawa ng mga guro sa mga mag-aaral. Maraming mananaliksik ang nakatuklas

ng mga suliraning nauugnay sa pagsulat ng komposisyon. Sa pag-aaral ni Abarca (2009), kinakitaan sa resulta na malala ang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon. Ito ay ang maling pagbabaybay, kamalian sa kayarian ng pangungusap at gramatika.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Diaz (2009) ay natuklasan na iilan lamang ang mag-aaral na nakasusulat nang maayos na komposisyon dahil sa malaki ang nagagawa ng makabagong kagamitan sa pakikipagkomunikasyon sa kahinaan ng maraming mag-aaral sa talasalitaang kailangan upang makapagpahayag. Karamihan sa nabubuong pangungusap ay pinagsama-samang Ingles at Filipino na kadalasang mali-mali ang pagkakabaybay ng bawat salita.

Batay naman sa pag-aaral na isinagawa ni Caunian (2007), natuklasan na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng mga pangungusap. Idinagdag pa niya na malubha ang kamalian sa balarila at pagsasangkap ng komposisyon.

Sa pagsipi sa mga nasulat na komposisyon ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang sa mga mababang paaralan ng Klaster - B, Distrito ng San Juan, La Union, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa mga guro ng bawat paaralan at natuklasan na nakakakuha ang mga mag-aaral ng 13 out 20 puntos ang pinakamababa at 18 out of 20 puntos naman ang pinakamataas.

Sa Mababang Paaralan ng Legleg, apat sa sampung mag-aaral ang hindi makasulat nang matuwid at mahusay na katha dahil sa kakulangan ng ideya at matibay na pundasyon sa mga kasanayan sa pagsulat. Ang kakayahan ng mga mag-aaral sa ikaanim na baiting sa pagsulat ng komposisyon ay batay sa kakayahan nila sa kasanayang pangkayarian, pangnilalaman, pansemantika, at pansintaks na kinakitaan ng mababang antas ayon sa ibinigay na grado ng kanilang guro sa pagwawasto ng kanilang komposisyon.

Maituturing isang masalimuot na proseso ang paggabay sa mga mag-aaral sa anumang uri ng pagsulat. Ito ay dahil ibayong pagtuturo ng mga guro ang kinakailangan para sa mga bata sa pagtuturo ng mga pangunahing hakbang sa wastong paggamit ng malaki at maliit na titik, paglagay ng tamang bantas, wastong pagbabaybay, wastong paggamit at pagpapakahulugan ng mga salita, pagbuo ng pangungusap, at tamang pagtutugma-tugma o paghahabi-habi ng mga pangungusap sa loob ng talata. Ang pakatuto nito ay ang pundasyon ng mga mag-aaral sa tamang pagsulat.

Ang kalagayang ito ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ng Mababang Paaralan ng Legleg ay nagpapahiwatig na nangangailangan ang mga mag-aaral ng pagtugon mula sa kanilang guro at karagdagang pagsasanay upang umangat ang kasanayan nila sa pagsulat. Ito ay nagsilbing hamon sa mananaliksik na pag-aralan ang kakayahang pagsulat ng mga mag-aaral at bumuo ng isang sanayang aklat sa pagsulat upang matugunan at mapaunlad ng mga mag-aaral ang mga kahinaan nila sa apat na makrong kasanayan sa pagsulat.

## II. Mga Kaugnay na Pag-aaral at Literatura

Inilalahad sa bahaging ito ang mga kaugnay na literatura at pag-aaral kaugnay sa pagkatuto ng wika sa kasanayang pagsulat.

### Kakayahang Panlinggwistika

Ayon kay Vgotsky (2000), ang mga bata ay natututo sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa iba, sa pagsali sa lipunan at kultura na nagsasanay sa kanila upang umunlad ang kanilang intelektwal na pamumuhay.

Ito ay sinang-ayunan ni Hernadez (2008), na upang umunlad ang pagkatamo sa kasanayang panliggwistika, dapat isaalang-alang ng mga guro ang kahulugang sosyal ng mga mag-aaral sa pagkatutu ng wika.

Ipinahiwatig ng mga nabanggit na konsepto na ang mga bata ay nanggagaya at minsan naman ay nakalilikha ng sariling patakarang panliggwistika sa pamamagitan ng pakikisalamuha.

Ang pag-aaral sa pangalawang wika ay mapapadali kung ang mag-aral ay nakatatamo nang mataas na antas ng pagkatuto ng unang wika (Maninta 2009). Inihahayag dito na pinakamabuting matuto ng wika ang isang tao kung ang wika ay ginagamit at nauunawaan na kaysa sa wikang kailangan pang pag-aralan.

Sa artikulong "Effective Interviewing in the Communicative Classroom", ipinaliwanag ni Craig (2011), na sa pagsukat ng kakayahang panliggwistika ng mga mag-aaral, ang mga gawain ay kailangang makatotohanan at naaayon sa buhay. Kinakailangang magabayan ang mga bata sa kanilang pakikipag-usap upang maitama kaagad ang anumang pagkakamali at iakma ayon sa kanilang pagkakagamit.

Sa pag-aaral ni Cabunag (2006), tungkol sa kasanayang panlinggwistika, natuklasan na mataas ang antas ng kakayahang komunikatibong pagsulat sa larangang panlinggwistika, pantalasalitaan at pansosyo-linggwistika ng mga mag-aaral sa unang taon ng hayskul.

Nagsagawa naman ng pag-aaral si Galingan (1993), ukol sa antas ng kakayahan sa larangang panliggwistika, pantalasalitan at pansosyo-linggwistika lumabas na ang mga mag-aaral na kasangkot ay nagkamit ng hindi gaanong mataas na antas na kakayahan sa kasanayang pagsulat.

Base sa mga nasabing pag-aaral tungkol sa kasanayang panlinggwistika, lumalabas na nahihirapan ang mga bata sa makrong kasanayang pagsulat at lalong pinatunayan pa ito ng mga sumusunod na pag-aaral.

**Kasanayang Pangnilalaman**

Sa pag-aaral na isinagwa ni Carpina (2010) hinggil sa pagsusuri ng sulating pormal sa Filipino ng mga mag-aaral sa unang taon ng Isabela National High School,

natuklasang higit na marami ang kahinaan kaysa sa kahusayan ng mga mag-aaral hinggil sa gramatika. Pinatutunayan ito ng mga sumusunod na resulta: ang pagsulat ng pangungusap ang nanguna sa maraming kamalian na umabot sa 11,083. Pangalawa sa dami ng mga kamalian ang kayarian na nagkaroon ng 5,844 at umabot sa 3,419 na kamalian sa gramatika. Natuklasang sanhi ng mga kamaliang ito ay ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya sa pakikipagkomunikasyon na nagdudulot ng maling pagbabaybay ng mga salita, walang kawilihan at hilig sa pagsulat sa Filipino, kapos ang maraming mag-aaral ng sa tinatawag na *Desired Learning Competencies.*

Samantala, sa unang taon nagiging isyu ang kahinaan sa talasalitaan at paglalantad nang mahusay na sulatin. Mahinang pundasyon sa kasanayang ekspresiv at walang sapat na kabatiran sa paksa ang dapat pagtuunan ng pansin.

Ayon naman sa pag-aaral ni Ticong (2005), pinakamahirap na maintindihan ng mga tagatugon ang mga tanong kaugnay sa pagpapalawak ng bokabularyo, samantalang ang pinakamadali naman ay ang komprehensyong literal. May makabuluhang pagkakaiba naman ang naitala sa talasalitaan, komprehensyong literal at interpretasyon ayon sa kasarian at edukasyong nakamit ng etnikong kinabibilangan.

Sa pag-aaral naman nina Lartec at Perez (2010), mataas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mga panghalip at pang-uri habang hindi naman gaanong mahusay sa paggamit ng pangngalan, pandiwa, pang-abay at pang-ugnay. Hindi pa lubusang nalilinang ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral na nagpapahiwatig na dapat bigyang diin ang gramatika sa pagtuturo ng wika. Kailangan pa nila ng mga pagsasanay upang maging bihasa sa mga tuntunin ng wikang Filipino sa pasalita at pasulat na pagpapahayag.

Sa pag-aaral ni Alisyang (2002) na binanggit ni Ramos (2012), sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan ng Dona Eufronia M. Puzon Memorial National High School, Bulanao Tabuk, Kalinga tungkol sa estrukturang

panggramatika at kasanayang talasalitaan, lumabas na katamtamang antas ng kakayahan sa panggramatika ang nalalaman at naisasagawa ng mga mag-aaral. Samantala, mababa naman ang antas ng kasanayan sa talasalitaan.

Sa pag-aaral ni Abellon (2001) na binanggit ni Ramos (2012), ukol sa karaniwang kamalian sa sulating Filipino ng mga mag-aaral sa ikaapat na taon ng Saint Louis University Boys' High School ng Taong-Panuruan 2000-2001, natuklasan na ang kahinaan sa gramatika ay nangangailangan ng masusing pagtuturo. Inirekomenda naman ni Ramos (2008), ang paggamit ng gramar workbook sa Filipino upang matugunan ang kahinaan ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit pangngalan, panghalip, pang-ukol at pangatnig upang linangin ang komunikatibong kompitens ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral naman na isinagawa ni Montera (2010), natuklasan niyang malala ang mga kamaliang nagagawa ng mga mag-aaral sa paggamit ng panghalip, pagdadaglat, at wastong gamit ng mga salita sa pagbuo ng komposisyon at mas marami sa mga lalaki ang nagkakamali kaysa sa mga babae.

Ayon naman kay Ullero (2009), ang kahinaan ng mga mag-aaral sa elementarya ay kabilang sa mga kahinaan sa sangkap o mekaniks, anyo at nilalaman. Ito ay sa kadahilanang hindi naganyak ang kaisipan ng mga mag-aaral na sumulat at kaya lamang sumusunod sa guro ay upang magkaroon ng marka.

Nakita sa pag-aaral ni De Guzman (2005) sa pagbanggit ni Ramos (2012), na may kahusayan ang mga mag-aaral sa paggamit ng panghalip, pang-abay, pang-angkop at pang-ukol sa pagsulat ng komposisyon.

Sa tesis ni Benitez (2001), natuklasan na nagagamit nang mahusay ng mga mag-aaral sa kanilang mga sulating Filipino ang mga panghalip, pang-abay at mga pang-ugnay.

Lumabas naman sa resulta ng pag-aaral ni Vicente (2010) na higit na matama ang paggamit ng mga mag-aaral ng mga salitang pangnilalaman: pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-uri at pang-abay.

**Kasanayang Pangkayarian**

Sa pag-aaral ni Acosta (2006) sa pagbanggit ni Ramos (2012), ang antas ng kasanayang panggramatika ng mga mag-aaral ng Saint Louis University Laboratory High School, natuklasang hindi gaanong mahusay ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral kaugnay ng wastong gamit ng mga salitang pangnilalaman. Natuklasan din na kulang sa kasanayan o mahina ang mga mag-aaral sa wastong gamit ng mga salitang pangkayarian. Gayunpaman, ang mga mag-aaral ay naging mahusay sa paggamit ng pananda. Gayundin sa paggamit ng pangngalan, pang-angkop, pangatnig at pang-ukol at hindi naman gaanong mahusay sa panghalip, pandiwa, pang-uri, at pang-abay.

Ayon namam sa pag-aaral ni Guttierez (2009), natuklasan na pare-pareho ang kahinaan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng talata, paggamit ng aspekto ng pandiwa, pagbaybay at paggamit ng panapos na bantas. Nagkaroon ng pinakamataas sa bahagdan ng kamaliang naitala ang paggamit ng bantas na panapos.

Sa paghahayag ni Zaparita (2012), ang mga mag-aaral ay mahusay sa kayariang pangwika ngunit mahina naman sa paggamit ng wastong bantas, pagpili ng kahulugan ng mga salita, at pananda, at wastong pagkakasunod-sunod ng mga panungusap.

Upang mabigyang lunas ang malalang suliranin sa pagsulat, inirekomenda ni Zaparita ang mga sumusunod: ang mga mag-aaral ay kailangang bigyan ng karagdagang pagsasanay sa pagsulat; bigyan ng pagsubok ang mga mag-aaral sa pagbubukas ng klase upang masukat ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat;

pag-ibayuhin ang pagtuturo sa sining pangkomunikasyon; at samantalahin ang lahat ng pagkakataong makadalo sa mga seminar ng wikang Filipino.

Batay naman sa pag-aaral ni Gabriel (2013), natuklasan na madalas nagkakamali ang mga mag-aaral sa pagsasangkap, pagbabaybay, wastong gamit ng mga salita at pagbuo ng mga pangungusap dahil sa kakulangan ng mga aklat, bihirang pagsasanay sa mga gawaing pagsulat, kapabayaan, at kawalang ingat sa pagsulat. Idinagdag pa rin niya na isang dahilan ang maling palagay ng mga guro at mag-aaral na madali lamang ang Filipino dahil sa impluwensya ng media na karaniwang mali ang pananagalog.

Sa tesis ni Somuza (2001) sa pagbanggit ni Bautista (2010), natuklasan na ang mga kamalian ng mga mag-aaral ay sa kategorya ng pagsasangkap, wastong gamit at pagbabaybay. Ito ay nagpapatunay na ang mga mag-aaral ay salat sa mga tuntunin ng pagsasangkap, wastong gamit at pagbabaybay. Bilang tugon, itinagubilin niya na kailangan ang mahigpit na pagsisikap ng mga guro at namamahala sa larangan ng edukasyon na magturo nang wasto at tuwid tungkol sa mga tuntuning panggramatika.

**Kasanayang Pansintaks**

Sa pag-aaral na isinakatuparan ni Barrameda (2003), natuklasan na ang iba't ibang araling pangwika ay nangangailangan ng pagsasanay upang mapataas ang mastery level ng mga mag-aaral sa ikalawang taon. Kinakailangang pagtuunang pansin ng mga mag-aaral na magsanay sa kayarian ng pangungusap, paksa o simuno at panaguri, uri ng pangungusap ayon sa gamit, mga pandiwang walang banghay, aspekto ng pandiwa, tamang pagsunod-sunod ng ideya, uri ng sugnay, sanhi at bunga , dalawang uri ng pang-uri at mga pang-ugnay.

Inihayag naman ni Sibayan (2006), sa kanyang pag-aaral na malala ang suliranin ng mga mag-aaral sa pagbuo ng mga pangungusap at kaisahan ng mga ito sa loob ng

isang talata, gayon din na pinakamataas na bahagdan na naitla ay ang maling paggamit ng bantas na panapos.

Sa tesis ni Bautista (2010), natuklasang ang mga kahinaan ng mga mag-aaral na nasa unang taon ng sekondarya ay sa gramatikang Filipino, Ayon sa resulta, nagkaroon ng 77.6 % ang bumagsak sa diagnostik test na kinapapalooban ng tatlong aspekto ng gramatika: ponolohiya, morpolohiya at sintaksis.

**Kasanayang Pansemantika**

Batay sa pag-aaral ni Aribuado (2010), hinggil sa pagkilala sa kamalian ng mga mag-aaral sa ikaapat na taon sa pagsulat ng komposisyon, natuklasan na ang malaking suliranin ng mga mag-aaral ay ang pambaralila, pagsasangkap at pagbubuo ng isang komposisyon.

Sa pagsusuri naman na isinagawa ni Ong (2011), natuklasan na malala ang suliranin ng mga mag-aaral sa pagsulat ng isang komposisyon na may mahusay na panimula, katawan at pangwakas na bahagi. Maliban sa makatawag pansin na panimula, kulang na kulang pa ang mga mag-aaral sa kasanayang pagbabantas, pagbabaybay at pagtatala na lubhang kailangan upang makasulat ng komposisyong naaayon sa wastong kayariang pangwika.

Sa pananaliksik ni Cauinian (2007), natuklasan na malala ang suliranin sa pagbuo ng mga pangungusap at kawalan ng kaisahan ng mga pangungusap sa loob ng isang talata. Idinagdag pa niya na malubha ang kamalian sa balarila at pagsasangkap sa pagsulat ng komposisyon.

Ayon kay Galapon (2008), natuklasan niya sa kanyang pagsusuri sa mga mag-aaral ng ikaanim na baitang sa Philippine Statesman College na mababa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat, pagkakasunod-sunod ng mga pahayag, pagpapakahulugan at paggamit ng mga pamatanubay na salita.

### III. Mga Suliranin Kaugnay sa Pag-aaral

Sinuri ng pag-aaral na ito ang kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ng Mababang Paaralan ng Legleg at tinugunan ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kakayahang pagsulat ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ayon sa apat na makrong kasanayan sa pagsulat sa:
   a. sulating pormal (pre-writing)?; at
   b. muling pagpapasulat (post writing)?
2. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kakayahang pagsulat ng mga mag-aaral sa apat na makrong kasanayan sa sulating pormal at muling pagpapasulat?
3. Ang Balidong Sanayang Aklat sa Pagsulat ba ay mabisang gamitin sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang?

### IV. Iskup at Limitasyon

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang antas ng kakayahang pagsulat ng 16 na mag-aaral sa Ikaanim na baitang ng Mababang Paaralan ng Legleg. Magsisimula ang pananaliksik sa ika-22 ng Desyembre at matatapos sa ika-28 ng Abril, taong panuruan 2016-2017.

### V. Metodolohiya at Pamamaraan

#### a. Sampling

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *one-group design* sa kadahilanang iisang sekyon lamang ang ikaanim na baitang sa Mababang Paaralan ng Legleg.

Isinagawa ang pag-aaral sa 16 na mag-aaral sa ikaanim na baitang ng Mababang Paarala ng Legleg. Ginamit ng mananaliksik ang kabuuang renyumerasyon ng mga mag-aaral sa kadahilanang iisang sekyon lamang ang ikaanim na baitang sa

Talahanayan 1. Kabuuang bilang ng mga mag-aaral ng Ikaanim na Baitang ng Mababang Paaralan ng Legleg

| Baitang | Bilang ng mga Lalaki | Bilang ng mga Babae | Kabuuang Bilang |
|---|---|---|---|
| Ikaanim | 10 | 6 | 16 |

Mababang Paaralan ng Legleg. Napili ang mga mag-aaral sa ikaanim na baitang bilang respondente sa pananaliksik dahil sila ang angkop na tutugon sa pangunahing suliraning nais suriin ng mananaliksik. Makikita sa talahanayan 1 ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral sa Mababang Paaralan ng Legleg.

**b. Pangangalap ng Datos**

Ang pinakakasangkapan sa pagkalap ng mga datos ay ang ipapasulat na komposisyon sa 16 n mag-aaral ng ikaanim na Baitang ng Mababang Paaralan ng Legleg, Taong Panuruan 2016-2017. Kaagapay ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng komposisyon ay ang balidong gabay na tanong na binubuo ng 10 tanong.

Sa pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay nagpasulat sa mga mag-aaral ng komposisyon. Bago nagpasulat, nagbigay muna ang mananaliksik ng gabay na tanong sa mga mag-aaral at ipinaliwanag ito sa mga mag-aaral upang maiwasan ang kalituhan sa pagsagot ng mga mga-aaral. Ang gabay na tanong ay binubuo ng 10 tanong. Pagkatapos magsulat ng mga mag-aaral, kinolekta ng mananaliksik ang mga nasulat na komposisyon at tinukoy ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat gamit ang balidong rubriks.

Gumamit ang mananaliksik ng balidong rubrik sa pagwawasto ng komposisyon dahil nakalahad sa rubrik ang mga pamantayan at eksaktong datos na kinakailangan sa pagwawasto ng mga komposisyon. Ang rubrik na ginamit ay dumaan sa proseso ng modipikasyon at pagbalido upang umangkop sa pangangailangang nais tayahin ng mananaliksik.

**c. Etikal na Konsiderasyon**

Bago simulan ng mananaliksik ang pag-aaral, humingi muna siya ng liham pahintulot pampananaliksik sa punong-guro ng paaralan at ipinalagda ng mananaliksik sa tatlong guro na miyembro sa pampaaralang sumusuri sa mga gagawing pananaliksisk. Pagkatapos mapalagdahan, sumunod na pinalagdahan naman ito sa mga mas may mataas na katungkulan na kinabibilangan nina District Supervisor ng San Juan, at sa Division Superintendent ng La Union. Ang nalagdahang liham pahintulot na ito ng mga kinauukulan ang ginamit ng mananaliksik upang sa pagsasakatuparan ng pananaliksik.

Ang mga mag-aaral bilang tagatugon sa pag-aaral na ito ay hindi pinilit na magsulat para sa pananaliksik na ito. Kusa silang nagsulat at binigyan ng sapat na panahon para mabuo nila ang kanilang komposisyon. Hindi rin pinilit ang mga mag-aaral na tukuyin ang tiyak na pangalan upang mapanatili ang confidentiality ng katauhan ng mga respondente.

**d. Tritment ng mga Datos**

Gumamit ang mananaliksik ng paglalarawang paraan o Qualitative Approach ni Sevilla ( 1992 ) sa pag-aaral na ito upang ilarawan ang kasalukuyang antas ng kakayahang pagsulat ng mga mag-aaral sa kasanayang pangkayarian, pangnilalaman, pansintaks, at pansemantika ng pagsulat. Ang qualitative approach na ito ay isang disenyong pampananaliksik na tumutukoy sa antas ng karunungan tungkol sa kasalukuyang kalagayan ng paksa. Ang mga nakalap na resulta sa pag-aaral na ito ang naging batayan sa pagbuo ng Sanayang Aklat sa Pagsulat para sa mga mag-aaral.

Pagkatapos maiwasto ang mga komposisyon gamit ang balidong rubriks, inisa-isa ng mananaliksik ang antas ng kakakayahang pagsulat ng mga mag-aaral sa apat na makrong kasanayan sa pagsulat sa pamamagitan ng pagkompyut ng simple mean ng naibigay na puntos sa bawat komposisyon ayon sa iba't ibang kategoryang nakalahad sa balidong rubrik.

Upang tugunan ang unang katanungan ng pananaliksisk, simple mean ang ginamit upang matukoy ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa apat na makrong kasanayan sa pagsulat sa *pre at post-writing*.

Sa paglalahad ni Ragma (2015), ang sumusunod na eskala ni Likert (Druker: 1983) ang ginamit ng mananaliksik sa pagbibigay ng paglalarawan sa *computed mean* ng mga naibigay na puntos sa bawat bahaging nakalahad sa rubrik ayon sa iniwastong komposisyon.

| **Eskala** | **Antas** | **Paglalarawan** |
|---|---|---|
| 3.51 - 4 | Lubos na Mahusay | Kahusayan |
| 2.51 - 3.50 | Mahusay | Kahusayan |
| 1.51 - 2.50 | Hindi Gaanong Mahusay | Kahinaan |
| 1 - 1.50 | Nangangailangan ng Pag-unlad | Kahinaan |

Upang tugunan naman ang pangalawang katanungan ng pananaliksisk, ginamit ng mananaliksik ang *T-test* para sa paglalahad ng makabuluhang pagkakaiba ng pormal na agpapasulat (pre-writing) at muling pagpapasulat (post-writing) ng pananaliksik na inilalahad ng sumusunod na pormyula.

$$t=\frac{\Sigma D}{\sqrt{\frac{N\Sigma D2-\Sigma D2}{N-1}}}$$

Na kung saan: $\Sigma D$= kabuuang bilang ng agwat mula pre at post writing.

N= bilang inobserbahan

## VI. Resulta at Diskusyon

Inilahad ng bahaging ito ang mga sagot ng mga suliranin ng pananaliksik, sinuri at binigyang pagpapakahulugan ang mga datos na nalikom sa paggamit ng Balidong Sanayang Aklat sa Pagsulat sa pagpapaunlad ng kakayahang pagsulat ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang.

**Antas ng kakayahang pagsulat ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ayon sa apat na makrong kasanayan sa pagsulat sa sulating pormal (pre-writing) at muling pagpapasulat (post-writing)**

Ang komposisyon ay itinuturing mabisa at pinakapayak na paraan ng pagsulat ng mga natatanging karanasan, pagbibigay interpretasyon sa mga pangyayari sa kapaligiran, at puna sa mga nabasang akda o napanood na pagtatanghal.

Mahalaga ang karungan sa apat na makrong kasanayan sa pagsulat dahil lubos itong makakatulong sa ikalilinaw ng pagkabuo ng sulatin o komposisyon. Ang mga kasanayang ito ay tumutukoy sa kasanayang pangnilalaman na nagsasaad ng wastong pagkaka-ayos at pagkakagamit ng pangngalan, panghalip, pandiwa, at pang-abay sa loob ng naisulat na pangungusap; kasanayang pangkayarian na naiiuugnay sa wastong paggamit ng mga bantas, malaking titik, pagkakabaybay ng mga salita, pang-angkop, pangatnig, at pang-ukol sa loob ng naisulat na pangungusap; kasanayang pansemantika na nagsasaad sa kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong pagpapakahulugan ng mga salita at parirala na akma sa kabuuang paksa ng pangungusap; at kasanayan pansintaks na tumutukoy sa tamang kombinasyon ng mga salita upang makabuo ng mga parirala at wastong pagsasama-sama ng mga pariralang ito upang makabuo ng makabuluhang pangungusap.

Matutunghayan sa talahanayan 2 ang antas ng kakayahang pagsulat ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ayon sa apat na makrong kasanayan sa pagsulat sa sulating pormal (pre-writing) na may 1.78 *Mean* at inilalarawan itong “Hindi Gaanong Mahusay”; at muling pagpapasulat (post writing) na may 6.63 at inilalarawan itong ”Lubos na Mahusay”, ( Apendiks H ).

Ang kabuuang antas ng kakayahang pagsulat ng mga mag-aaral kaugnay sa kasanayang pangkayarian, pangnilalaman, pansemantika, at pansintaks sa *pre-writing* ay 1.78 at naglalarawang itong “Hindi Gaanong Mahusay”, ( Apendiks H ).

Talahanayan 2. Antas ng kakayahang pagsulat ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ayon sa apat na makrong kasanayan sa pagsulat sa sulating pormal (pre-writing) at muling pagpapasulat (post writing)

| Kasanayan | Pre-writing Mean | Paglalarawan | Post-Writing Mean | Paglalarawan |
|---|---|---|---|---|
| Pangkayarian | 1.67 | Hindi Gaanong Mahusay | 3.40 | Mahusay |
| Pangnilalaman | 1.82 | Hindi Gaanong Mahusay | 3.36 | Mahusay |
| Pansemantika | 1.78 | Hindi Gaanong Mahusay | 3.84 | Lubos na Mahusay |
| Pansintaks | 1.84 | Hindi Gaanong Mahusay | 3.93 | Lubos na Mahusay |
| **Kabuuan** | **1.78** | **Hindi Gaanong Mahusay** | **3.63** | **Lubos na Mahusay** |

Ayon sa resulta, hindi gaanong mahusay ang mga mag-aaral sa kasanayang pangkayarian. Isang halimbawa nito ay ang wastong paggamit ng bantas at ito ay pinatutunayan sa pahayag na, "Para sa akin ang ibig sabihin ng araw ng guro ay Pagbibigay saya bigyang pagkilala at ka halagahan Oo mahalaga ang mga guro sa amin kasi makakatulong sa amin sa pamilya.", kapansin-pansin na ilan sa mga pahayag ay hindi ginamitan ng bantas at mali ang pagkakabaybay kagaya ng "Pagbibigay saya bigyang pagkilala at ka halagahan" na ang dapat sana ay pagbibigay "saya, pagkilala, at kahalagahan", ( Apendiks I. - A. Halimbawa ng nasulat na komposisyon sa Sulating Pormal / Pre-writing).

Natuklasan din sa mga naisulat na komposisyon na hindi rin gaanong mahusay ang mga mag-aaral sa kasanayang pangnilalaman. Isang halimbawa nito ay ang pagbuo ng mga kaisipan o ideya kaugnay sa paksa ng komposisyon na pinatutunayan sa pahayag na, ( Apendiks I. - A. Halimbawa ng nasulat na komposisyon sa Sulating Pormal / Pre-

writing), “Ang Pagdiriwang ng Araw ng mga Guro kung soon sib ay nagpapahinga at nag-sasab salo ang bawat guro.” Ang pahayag ay magulo, hindi lohika, at hindi naipakita ang ugnayan ng mga salita at/o kaisipan na sanhi ng maling pagkakabaybay ng mga salita at maling pagkakagamit ng mga salitang pangnilalaman.

. Hindi rin gaanong mahusay ang mga mag-aaral sa kasanayang pansemantika kagaya ng wastong pagpapakahulugan ng mga salita at parirala ayon sa paksang pinupunto ng pangungusap. Ito ay pinatutunayan ng mga naisulat na pahayag ng mga mag-aaral kagaya ng, ( Apendiks I. - A. Halimbawa ng nasulat na komposisyon sa Sulating Pormal / Pre-writing) “masayakaming lahat na mga bata masayang Masaya itong araw ng mga guro itong araw na mga guro magandang maganda talaga ang araw ng mga guro”, kapansin- pansin na ang pagkakagamit ng mga salita ay halos walang kaugnayan sa isa’t isa, hindi lohikal, at sa kabuuan hindi masipi ang pinupunto nito. Datapwat, ang pahayag na ito ay sumasagot sa gabay na tanong na, Sa iyong munting paraan paano mo pinasaya ang iyong guro sa araw ng pagdiriwang?

Ayon pa rin sa resulta, hindi rin naging mahusay ang mga mag-aaral sa kasanayang pansintaks. Isang patunay sa resultang ito ng mga mag-aaral ay ang naisulat na pahayag na, “mabuti siyang mag-aaral sa Paaralan dahil tahimik siya sa Paaralan kailan at saan ninyo ito ginawa sa Paaralan kahit mabuti pa ang magsulat”, muli walang lohikal ang mga ideyang nailahad sa loob ng komposisyon, hindi magkakaugnay ang mga pangungusap sapagkat hindi nasagot ng maayos ang mga nakapaloob na gabay na tanong sa bawat bahagi ng komposisyon, magulo ang pagkakahabi ng mga salita sa loob ng pangungusap, at hindi nakasunod sa pamantayan sa pagsulat ng karaniwang ayos ng pangungusap. Ito ay sanhi ng mababang kaalaman nila sa wastong paghahabi-habi ng mga parirala upang makabuo ng makabuluhang pangungusap.

Ang natuklasang resulta sa *Pre-writing* ay nangangahulugan na hindi pa ganap ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagtukoy at paggamit ng wasto sa mga kasanayang ito kaya nangangailangan sila ng pagtugon mula sa kanilang guro upang maiangat ang kanilang kakayahan kaugnay sa mga paksang ito.

Maliban dito, bihira lamang silang magbasa ng mga kwento na pweding makalinang sa kanilang kakayahan sa pagbabaybay ng mga bagong salita. Isa ring dahilan ng resultang ito ay dulot ng makabagong pamamaraan ng pakikipagkomunikasyon.

Ang paggamit ng cellphone at mga social media sa pakikipag-usap ay matinding nakakaapekto sa mga mag-aaral sa kanilang kakayahan sa wastong pagbabaybay ng mga salita. Kung hindi mali ang mga nagagamit na letra sa mga salita, inaalis naman ang mga iba na dulot ng kasanayan nila sa pagti-text gamit ang cellphone o kaya ay pakikipag-chat sa Facebook.

Ang resulta ay hindi nagkakalayo sa pag-aaral ni Abarca ( 2009 ), na ang mga kamalian ng mga mag-aaral sa pagsusulat ay ang maling pagbabaybay ng mga salita dahil sa impluwensiya ng diyalektong ginagamit sa pakikipagtalastasan, kamalian sa gramatika dahil sa maling gamit ng pantukoy, panghalip panao, pang-abay at ang mga bantas tulad ng tuldok, kuwit, gitling at iba pa.

Tumugma rin ang resulta ng pag-aaral ni Bautista (2010) tungkol sa pagsulat ng komposisyon na ang mga kamalian ng mga mag-aaral ay sa kategorya ng pagsasangkap, wastong gamit ng bantas, pagbabaybay, paghahabi-habi ng mga salita sa loob ng pangungusap, at paguugnay-ugnay ng mga pangungusagp sa pagbuo ng talata. Ito ay napatunayan dahil ang mga mag-aaral ay salat sa mga tuntunin ng pagsasangkap, wastong gamit bantas, pagbabaybay, kasanayang pansemantika at pansintaks. Bilang tugon, itinagubilin niya na kailangan ang mahigpit na pagsisikap ng

mga guro at namamahala sa larangan ng edukasyon na magturo nang wasto at tuwid tungkol sa mga tuntuning panliggwistikang pagsulat.

Hindi rin nalalayo ang resulta sa pag-aaral ni Guttierez (2009), na natuklasan na pare-pareho ang kahinaan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng talata, paggamit ng aspekto ng pandiwa, pagbaybay at paggamit ng panapos na bantas. Nagkaroon ng pinakamataas sa bahagdan ng kamaliang naitala ang paggamit ng bantas na panapos.

Dahil sa resultang natuklasan ng guro sa *pre-writing*, naalarma ang guro at lalong naging sensitibo sa mga pangyayari sa loob ng klase. Naging sensitibo sa pamamagitan ng pagiging malikhain sa pagbibigay ng mga gawain na nakatutulong sa mga mag-aaral sa paglinang ng kanilang kasanayan sa pagsulat. Naisasakatuparan niya ito sa pamamagitan ng pagpapatibay ng mga makabagong kagamitang pampagtuturo gaya ng mga aklat, kompyuter, audio-visual na maaaring pumukaw sa interes ng mga mag-aaral upang matuto, paggawa ng Sanayang Akalat sa Pagsulat na siyang ipinagamit sa mga mag-aaral sa pagpapaunlad ng kanilang kakayhan sa pagsulat.

Sa pagpapagamit ng Balidong Sanayang Aklat sa Pagsulat sa mga mag-aaral natunghayan sa talahanayan 2 na ang kabuuang antas ng kakayahang pagsulat ng mga mag-aaral kaugnay sa kasanayang pangkayarian, pangnilalaman, pansemantika, at pansintaks sa *post-writing* ay 3.63 at naglalarawan itong "Lubos na Mahusay". Mahihinuha na napakalaki ang naiambag ng Sanayang Aklat sa Pagsulat sa paglinang ng kanilang kakayahan sa pagsulat, ( Apendiks H ).

Ang mga mag-aaral ay naging mahusay sa wastong gamit ng malaking titik, pang-angkop, pang-ukol, pangngalan, panghalip, pang-abay, sa paghahabi-habi ng mga pangungusap sa loob ng talata at paglalagay ng mga suportang detalye para sa ikalilinaw ng paksa. Ito ay dahil sa alam na nila ang kanilang isasagot sa mga gabay na tanong, alam na alam din nila kung paano nila sisimulan ang kanilang sagot sa tulong ng

gabay na tanong, nagakaroon sila ng sapat na oras para mabuo ang kanilang komposisyon at napag-aralan nila ng husto ang Sanayang Akalat sa Pagsulat na siyang nagpalinang ng husto sa kanilang kakayahan sa pagsulat.

Ayon pa din sa resulta, naging mahusay na rin ang mga mag-aaral sa kasanayang pansemantika dahil sa puspusang paggamit nila sa Balidong Sanayang Aklat sa Pagsulat. Lubusang nakamit ng mga mag-aaral ang ganap na kaalaman na dapat nilang matutuhan mula sa ginawang Sanayang Aklat na siyang sanhi ng kanilang pagkatuto sa wastong paggamit ng mga salita upang makabuo ng makabuluhang pangungusap.

Ang resultang ito ay pinatutunayan ng mga pahayag na, "Ang Araw ng mga Puso ay isang pagdiriwang para sa lahat ng tao. Sa araw na ito, pinaparamdam natin ang tunay na saya dulot ng pagmamahalan." Makikita sa pahayag ng mag-aaral na ang mga salitang ginamit sa pangungusap ay akmang-akma para sa kabuuang paksa ng pangungusap. Hindi siya gumamit ng mga ibang salita na nakakapagbalabo sa kabuuang paksa ng pangungusap, (Apendiks I – B. Halimbawa ng nasulat na komposisyon ng "Muling Pagpapasaulat/ Post-Writing").

Sa pahayag naman na, " Binigyan ko ng kulay ang buhay ng aking Mama sa araw na ito sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng bulaklak na rosas saka ko niyakap sabay sabing maraming salamat po ma." Ang pahayag na ito ay sumasagot sa gabay na tanong na, Paano ninyo binigyang kulay ang buhay ng inyong magulang sa inyong munting paraan? Muli, ang mag-aaral ay gumamit ng mga akmang salita sa pagbuo niya ng isang makabuluhang pangungusap. Inilalarawan lamang nito na kayang-kaya ng mga mag-aaral na bumuo ng pangungusap gamit ang mga akmang salita na naayon sa paksang pinag-uusapan, (Apendiks I – B. Halimbawa ng nasulat na komposisyon ng "Muling Pagpapasaulat/ Post-Writing").

Ganito rin ang pahayag na, “Ang aking sariling pagpapakahulugan sa Araw ng mga Puso ay araw ng pagbibigayan at pagmamahalan.” Ito ang araw na kung saan ang lahat ng mga mag-aaral ay masaya. Napakahalang ipagdiwang ito dahil kung hindi tayo magmahalan, magiging magulo an gating buhay.” Ang pahayag na inilahad ng mag-aaral ay tumutugon sa unang dalawang gabay na tanong. Mapapansin na ang mga pangungusap ay malinaw, buo ang diwa, magkakahabi, at akma sa ideyang gustong palabasin ng gabay na tanong. Nagpapahiwatig ito na naging mahusay ang mga magaaral sa kasanayang ito dahil na rin sa tulong ng mga gabay na tanong at paggamit nila ng Sanayang Aklat sa Pagsulat upang tugunan nila ang kanilang kahinaang natuklasan noong pre-writing, (Apendiks I – B. Halimbawa ng nasulat na komposisyon ng “Muling Pagpapasaulat/ Post-Writing”).

Ang kabuuang resulta ng kakayahang ito ay tumugma sa pag-aaral ni Ong (2011) na mahusay ang mga mag-aaral sa ikaanim na baitang sa pagsulat ng isang komposisyon na may mahusay na panimula, katawan at pangwakas na bahagi. Maliban sa makatawag pansin na panimula, mahusay din ang mga mag-aaral sa kasanayang pagbabantas, pagbabaybay at pagtatalata na lubhang kailangan upang makasulat ng komposisyong naaayon sa wastong kayariang pangwika.

Tumugma rin ang resulta sa pananaliksik ni Cauinian (2007) na mahusay sa pagbuo ng mga pangungusap ang mga mag-aaral sa ikaanim na baitang lalo na kung ang mga pahayag na ito ay hango sa kanilang sariling karanasan. Ipinahihiwatig nito na nagkaroon ng matibay na pundasyon sa kakayahang pansemantika ang mga mag-aaral bunga ng sapat na pagsasanay na ibinigay ng mga guro mula noong nasa mababang baitang sila hanggang sa kasalukuyan.

Taliwas naman ang naging resulta sa pag-aaral ni Galapon (2008) sa mga mag-aaral ng ikaanim na baitang sa Philippine Statesman College na mababa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat, pagkakasunod-sunod ng mga pahayag,

pagpapakahulugan at paggamit ng mga pamatanubay na salita. Nangangahulugan lamang ito na nangangailangan ang mga mag-aaral ng karagdadang pagsasanay upang maiangat nila ang kasanayan nila sa pagbuo ng mga pangungusap gamit ang akmang salita.

**Makabuluhang pagkakaiba ng antas ng kakayahang pagsulat ng mga mag-aaral sa apat na makrong kasanayan sa pagsulat sa sulating pormal (pre-writing) at muling pagpapasulat (post-wring)**

Kalinawan at kaangkupan ng salita, mga pangungusap na tiyak, tuwiran at hindi maligoy, talatang may kaisahan ng diwa, may ugnayan ang mga kaisipan, wastong gramatika, tamang pagbaybay, ang lahat ng mga ito ang nagpapataas sa kalidad ng isang sulatin.

Ang pagpili ng angkop at tiyak na salita para sa isang pahayag ay napakahalaga sa isang komposisyon. Kung angkop ang bawat salitang gagamitin, hindi malayong magkaroon ng ugnayan ang mga salita, pangungusap at talata sa loob ng isang sulatin at malinaw na maipahahayag ang mga ideya at kaalaman.

Inilahad sa talahanayan 3 ang makabuluhang pagkakaiba ng antas ng kakayahang pagsulat ng mga mag-aaral sa apat na makrong kasanayan sa pagsulat sa sulating pormal (pre-writing) at muling pagpapasulat (post-wring).

Talahanayan 3. Ang T-test para sa makabuluhang pagkakaiba ng antas ng kakayahang pagsulat ng mga mag-aaral sa apat na makrong kasanayan sa pagsulat sa sulating pormal (pre-writing) at muling pagpapasulat (post-wring)

| Hindi pa gumamit ng Sanayang Aklat VS Pagkatapos Gamitin ang Sanayang Aklat | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Pre-Writing** Hindi pa gumamit | **Post-Writing (Gumamit)** | **Mean Difference** | **T-Stat** | **T-Critical** | **Relation** | **Interpretation** |
| 1.78 | 3.63 | 1.85 | 14.26 | 2.353 | > | Mayroong Makabuluhang Pagkakaiba |

Ayon sa t-table, na ang n – 1 = 3 na nasa 0.05 *level of significance,* lumabas na ang t-kritikal ay 2.353 na kung saan ang kabuuang kompyutasyon ng sinuring *t-computed* ay 14.26 na nagapapakita na mas mataas sa t-kritikal na 2.353 sa ikalimang bahagi ng pag-aantas (0.05). Batay ditto, maipapakita na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahang pagsulat ng mga mag-aaral sa apat na makrong kasanayan sa sulating pormal na kung saan hindi pa nila ginamit ang Sanayang Aklat sa Pagsulat at muling pagpapasulat na ginamit na nila ang Sanayang Aklat. Tumaas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat noong *post-writing* o muling pagpapasulat dahil sa paggamit ng Balidong Sanayang Aklat sa Pagsulat. Nangangahulugan lamang ito na epektibo ang Sanayang Aklat sa Pagsulat sa paghubog ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahan sa pagsulat ng komposisyon.

Ang resulta ay hindi nagkakalayo sa pag-aaral ni Apilado (2013) na napakaepektibo ang Sanayang Aklat sa Pagsulat pagpapaunlad ng kakayahang pagsulat ng isang mag-aaral sa proseso ng pagtuturo-pagkatutu. Nakakatulong ito sa lubosang pagpapaunawa sa mga konseptong napag-aralan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain nakapaloob na nakaayon sa tatas na kanilang napag-aralan.

Sinangayunan naman ito ni Aquino (2016) sa kanyang pag-aaral na mas maraming mga guro ang gumagamit ng mga sanayang aklat, power point presentation, manual, at modyul sa pagpapa-unlad ng kakayahang pagkatuto ng mga mag-aaral kaysa sa paggamit ng magazines, news artikels, monograps at audyo/biswal.

Matutunghayan sa talahanayan 4 ang kabuuang kompyutasyon ng T-test para sa sulating pormal (pre-writing) at muling pagpapasulat (post-wring) ng mga mag-aaral sa Ika-6 na Baitang na kung saan ang T-computed na 14.26 ay mas mataas kaysa sa T-Critical na 2.353. Nangangahulugan ito na mayroong makabuluhang pagkakaiba ang Pre-wrinting na hindi pa gumamit ng Sanayak Aklat sa Pagsulat at Post-Writng na

Talahanayan 4. Ang kabuuang kompyutasyon ng T-test para sa sulating pormal (pre-writing) at muling pagpapasulat (post-wring) ng mga mag-aaral sa Ika-6 na Baitang

| Pre-Writing | | Post-Writing | | Mean Difference | T-Stat | T-Critical | Relation | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Mean | SD | Mean | SD | | | | | |
| 1.78 | 1.33 | 3.68 | 1.92 | 1.85 | 14.26 | 2.353 | > | Mayroong Makabuluhang Pagkakaiba |

gumamit na ng Sanayang Aklat.

Batay sa resulta ng nasulat na komposisyon noong *pre-writing,* isang Sanayang Aklat sa Pagsulat ang binuo upang malinang ang kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon sa ikaanim na baitang. Lumabas sa resulta ng pagnanaliksik na napakaepektibo ang Sanayang Aklat sa Pagsulat sa pagpapaunlad ng kakayahang pagsulat ng mga mga-aaral sa ikaanim na baitang. Sa paggamit ng Sanayang Aklat sa Pagsulat, lubos na humusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kanilang pagbuo ng komposisyon batay sa resultang natuklasan sa antas ng kakayahang pagsulat nila noong post-writing. Maituturing angkop, mabisa, at mapagkakatiwalaan ito sa paglinang ng kakayahang pagsulat ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Nasiyahan ang mga mag-aaral sa paggamit nito na nakapag-ambag ng malaki sa kahusayan nila sa pagsulat.

Bagamat humusay ang mga mag-aaral sa pagsulat gamit ang Sanayang Aklat, hindi pa rin nating maitatangi na meron at meron pa rin silang kahinaan sa pagsusulat kung kayat bilang isang guro, naway manatili pa rin tayong nakatutok sa kanila, ipagpatuloy na ipagamit ang Sanayang Aklat, at gumawa pa ng mga inobasyong kagamitan sa pag-aaral na umaayon sa kagustuhan ng mga mag-aaral sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto upang mas sigurado ang mabilis na paglipat ng kaalaman na siyang ikaaangat ng kanilang kakayahan sa pagsulat.

## Intervention

### Ang Balidong Sanayang Aklat sa Pagsulat

Ang Balidong Sanayang Aklat sa Pagsulat ay isang uri ng aklat-aralin na nagtataglay ng mga pagpapakahulugan ng mga mahahalagang aralin at mga ehersisyo. Idinisenyo ang sanayang aklat hindi upang makapagturo kundi upang makapagbigay ng pagsasanay at mabigyan ng diin ang mga kahinaan / apat na makrong kasanayan sa pagsulat na nangangailangan ng mas dagdag na pagkatuto o pag-aaral para sa mga mag-aaral.

Ang Balidong Sanayang Aklat sa Pagsulat na binuo ng mananaliksik para sa pag-aaral na ito ay sadyang inihanda para sa mga mag-aaral ng ikaanim na baitang ng Mababang Paaralan ng Legleg sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagsulat. Kinapapalooban ito ng mga paksang nauugnay sa pagkatuto ng pagsulat gaya ng kasanayang pangkayarian, pangnilalaman, pangsemantika, at pansintaks at mga gawaing sasanay sa kakayahang pagsulat ng mga mag-aaral. Tinalakay ang mga paksang nakapaloob sa bawat bahagi ng makrong kasanayang pagsulat upang mas mapadali ang pag-unawa ng bawat mag-aaral. Ang mga iba't ibang gawain o pagsasanay na kasunod ng pagtalakay ay naglalayong matugunan ng mga mag-aaral ang pangangailangang pangkomunikatibong pagsulat gamit ang wikang Filipino.

Ayon kay Apilado (2013) likas na sa kasalukuyan ang paggamit ng isang sanayang aklat sa pagpapaunlad ng kakayahan ng isang mag-aaral sa proseso ng pagtuturo-pagkatutu. Nakakatulong ito sa lubosang pagpapaunawa sa mga konseptong napag-aralan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain nakapaloob na nakaayon sa tatas na kanilang napag-aralan. Pinatunayan naman ito ni Aquino (2016) na mas maraming mga guro ang gumagamit ng mga sanayang aklat, power point presentation, manual, at modyul sa pagpapa-unlad ng kakayahang

pagkatuto ng mga mag-aaral kaysa sa paggamit ng magazines, news artikels, monograps at audyo/biswal.

## Action Plan

Pagkatapos ng pananaliksik, ang resulta ay ibabahagi ng mananaliksik sa lahat ng punong-guro at mga guro sa Distrito ng San Juan tuwing *LAC session* upang mahikayat sila na gumawa ng akademikong pampananaliksik para sa ikakaunlad ng mga mag-aaral sa akademikong bahagi ng pagkatuto. Magbibigay din ang mananaliksik ng kopya ng Sanayang Aklat sa Pagsulat sa bawat punong-guro ng San Juan upang maipagamit ito sa mga mag-aaral ng kanilang paaralan na siyang tutugon sa kahinaan ng mga mag-aaral sa larangan ng pagsusulat.

## Sanggunian

### Mga Aklat


Bernales, J. (2012). Komunikasyon sa makabagong panahon. Valenzuela city: Mutya publishing house, inc.

Gugol, M. A., et al. (2014). Bagong filipino tungo sa globalisasyon. Quezon city: Vibal group, inc.

Jimenez, E. M., et al. (2011). Filipino I. Batangas: United eferza academic publications, inc

Lartec, J.K., et al. (2010). Instruksiyong modular sa pananaliksik. Mandaluyong city: Anvil publishing, inc.

Sta. Ana N. S., et al. (2002). Gintong pamana. Quezon city: Vibal publishing house, inc.

Sta. Maria, A. T. ( 2009 ). Magsanay tayo sa filipino 6. Caloocan city: Aklat eskwela eublishing, inc.

Sevilla, J. F. (1992). Komunikasyon. Quezon city: Rex book store, inc.

Tumangan, A. P., et al. (1997) Sining ng pakikipagtalastasan. Valenzuela city: Mutya publishing house.


### Mga Tesis


Abarca, M. S. (2009). Mga kahinaan sa pagsulat ng komposisyon ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang, distrito ng alcala. Saint louis college of tuguegarao, cuguegarao, Cagayan.

Bautista, Jeraldine B. (2010). Kahinaan ng mga freshmen sa gramatikang filipino. University ng pangasinan, Dagupan city

Barrameda, C. S. (2009). Mga mungkahing pagsasanay sa pagtuturo ng wika sa ikalawang taon sa antas ng sekundarya, pamantasan ng bikol, lungsod ng legaspi.

Caunian, R. C. (2007). Common errors in english written composition of grade VI pupils of isabela state university and their ability to detect errors in a weak prose composition: A correlation study. Saint mary's college, bayombong nueva viscaya

Diaz, A. P. (2009). A study of common errors in Filipino theme writing committed by the elementary pupils of baybay district, leyte. Leyte institute of technology, tacloban

Gabriel, D. R.. (2013). Mga mungkahing pagsasanay sa pagtuturo ng wika sa ikaanim na baitang sa antas ng elementarya. Pamantasan ng bikol, lungsod ng legaspi.

Gutierrez, A. N. (2009). Mga karaniwang kamalian sa mga sulating pormal ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang sa tatlong distrito ng maynila. Manila

Perez, J. H. (2010). Pagsusuri ng mga karaniwang kamalian sa pagsulat ng komposisyon. Pampamahalaang pamantasang mario marcos, lungsod ng laoag.

Sibayan, E. S. (2006). Comprehension of advertisements among grade VI pupils in benguet. Benguet state university, la trinidad, benguet

Ticong, M.T. (2005). Pagsusuring istaylistiks at linggwistiks sa mga sanaysay ng mga plebo sa pma ng modelong forensic nina coulthard at mcmenamin. University of cordilleras, baguio city.

Zaparita, P. C. (2012). Ang mga suliranin sa paglinang ng kasanayang sa pagsulat ng mga mag-aaral sa ikaapat na baitang sa dalawang mataas na paaralan sa occidental mindoro, manuel l. quezon university, manila.

**Mga Jornal**

Arellano, A. R. (2010). Developing children's written expression. Modern teacher, Vol. LIV, No 10.

Grahams, E. P., et al. (2007). Language and learning under the bilingual policy. Philippine journal of education, Vol LXXI, No. 03

Krashen, A. P. (2012). Indigenous studies and the politics of language. journal of university teaching & learning practice, Vol. 10, No. 1

Nero, Shondel (2012). Commission on writing: languages without boarders. Journal of language teaching, Vol. 29, No. 2

Mcjise (2012). National commission on writing. California

Blanche (2011). Philippine journal of education. Department of education, philippines.

Young people's writing (2009). National literacy trust.

ISQAE (2013). 2nd International seminar on quality and affordable education. Journal of language teaching, Vol. 11, No. 1

## Mga Internet


*https://www.google.com.ph/ learning+module, Hinalaw noong Hulyo 23, 2016.*

*Crowl, (1997). Hinalaw noong Hulyo 30, 2016 sa* (https://en.books.org/Constructivism_%26_Technology/Research_%26_Writing).

D. A. Buri (1972), Hinalaw noong Hulyo 30, 2016 sa http://www2.vobs.at/ludescher/alternative%20methods /communicati_language_teaching.htm

Gagne, R. (1962). Hinalaw noong Hulyo 31, 2016 (http://www.instructional design.org/theories/condition-

Piaget, (1972). Hinalaw noong Hulyo 31, 2016 sa https://www.google.com.ph/webhp?sourceid=chrome instant&ion=1&espv=2&ie=UTF-8#q=cognitive%20theory%20of%20learning

Poddler, (2001). Hinalaw noong Hulyo 31, 2016 sa (http://www2.vobs.at/ludescher/alternative%20methods/communicative_language_teaching.htm)

http://roredopterp43.soup.io/post/464074582/Makrong-kasanayan-sa-pagsulat, Hinalaw noong Hulyo 31, 2016

https://samutsamot.com/tag/pang-abay-worksheets/, Hinalaw noong Hulyo 31, 2016

https://samutsamot.files.wordpress.com/2013/08/aspekto-ng-pandiwa_6.pdf, Hinalaw noong Agusto 6, 2016

http://lrmds.deped.gov.ph/detail/5452, Hinalaw noong Agusto 6, 2016

https://eric.ed.gov/?q=Writing&ft=on&id=EJ1117771, Hinalaw noong Disyembre 27, 2016

https://eric.ed.gov/?q=Writing&ft=on&id=EJ1106333, Hinalaw noong Disyembre 27, 2016

https://eric.ed.gov/?q=Writing&ft=on&id=EJ1112449, Hinalaw noong Enero 7, 2017

**APENDIKS**

**ULAT-PINANSYAL**

| MGA GAWAIN | HALAGA |
| --- | --- |
| Presentasyon at Pagdedepensa sa Proposal ng Aksiyong Pananaliksik<br>▪ Pagprinta ng mga kopya ng Proposal ng Aksiyong Pananaliksik<br>▪ Folders, coupon bond, fasteners | PHP 1,500.00 |
| Pagkuha ng permiso sa pagsasagawa sa Aksiyong Pananaliksik<br>▪ Pagprinta ng komunikasyon<br>▪ Pamasahe at pagkain (merienda)<br>▪ Coupon bond | PHP 1,500.00 |
| Pagsulat sa Proposal ng Aksiyong Pananaliksik<br>▪ Internet connection (load)<br>▪ Pamasahe at pagkain<br>▪ Pagprinta ng mga kopya ng Talatanungan (Questionnaires)<br>▪ Coupon bond | PHP 2,500.00 |
| Pagpapatibay sa Nilalaman ng Talatanugan<br>▪ Pamasahe<br>▪ Pagprinta ng mga kopya para sa pagpapatibay ng nilalaman ng talatanungan<br>▪ Coupon bond<br>▪ Pagkain (merienda at pananghalian)<br>Token para sa mga baliditors/guro | PHP 5,000.00 |
| Pagsasagawa<br>▪ Pagprinta ng mga talatanungan<br>▪ Coupon bond<br>Pagkain (merienda ng mga mag-aaral) | PHP 3,000.00 |
| Pagtalakay<br>▪ Pagprinta ng kopya ng mga aralin<br>▪ Coupon bond<br>Merienda ng mga mag-aaral | PHP 2,500.00 |
| Pagsasagawa sa Pangwakas<br>▪ Pagprinta ng kopya ng mga aralin<br>▪ Coupon bond<br>Merienda ng mga mag-aaral | PHP 3,000.00 |
| Presentasyon sa Aksiyong Pananaliksik<br>▪ Pagprinta ng mga kopya ng Aksiyong Pananaliksik<br>▪ Pamasahe<br>Folders,coupon bond, fasteners | PHP2,000.00 |
| Pagsusumite sa Pinal na Aksiyong Pananaliksik para aprobahan<br>▪ Pagprinta ng mga kopya ng Aksiyong Pananaliksik<br>▪ Pamasahe<br>Folders, coupon bond, fasteners | PHP 2,000.00 |
| Distribyusiyon ng Pinal na kopya ng Aksiyong Pananaliksik<br>▪ Pagprinta ng mga kopya<br>▪ Pamasahe<br>Pagkain | PHP 3,500.00 |
| Iba pang gastos sa pagsasagawa ng Aksiyong Pananaliksik | PHP 4,000.00 |
| KABUUAN | PHP 30,000.00 |